| Pagkuha ng Bayad mula sa Insurance sa Airport |

Ito ang serbisyong para sa mga dayuhang manggagawang uuwi na sanhi ng pagtatapos ng employment period o iba pang dahilan, at nais matanggap ang Departure Guarantee Insurance (Samsung-Tegicom) sa airport. Matatanggap nila ito matapos nilang makalagpas sa immigration desk sa airport at ipapalit na rin ito sa pera (currency) ng kanilang bansa.

Proseso ng Pagtanggap ng Bayad mula sa Insurance sa Airport



① Aplikasyon para makuha ang Departure Guarantee Insurance
② Pag-iisyu ng insurance pay order
③ Pagsusumite ng insurance pay order
④ Pag-iisyu ng resibo para sa pagpapalit ng pera
(pag-iisyu ng sertipiko para sa pagdedeklara ng pagpapalit ng pera, customs declaration)
⑤ Palitan ng pera (foreign currency exchange)

1. Mga Kailangang Dokumento sa Aplikasyon

- Application form para sa bayad makuha ang insurance, ID (pasaporte o alien card)

2. Paraan ng Aplikasyon

- Kapag nag-apply para sa Departure Guarantee Insurance, piliin ang “Pagbabayad sa Airport”
  - Maaari na kayong mag-apply para rito sa loob ng isang buwan bago ang itinakdang araw ng pag-uwi
- Mangyaring isulat din ang bank account ninyo sa Pilipinas o bank account para sa overseas remittance para kung sakali hindi ninyo makuha ang bayad mula sa insurance sa airport o kung may karagdagan pang bayad na hindi maibibigay agad sa inyo.

3. Sino ang maaaring Mag-apply

Sino ang maaaring makatanggap ng bayad mula sa insurance Dayuhang manggagawang nakasuskrito (subscribe) sa Departure Guarantee Insurance at uuwi na sa loob ng isang buwan dahil sa pagtatapos ng employment period, at nag-apply para matanggap ang bayad mula sa insurance sa airport.

Kailan at paano maaaring makuha ang bayad mula sa insurance Maaaring mag-file ng claim para sa Departure Guarantee Insurance ang dayuhang manggagawa sa loob ng 1 buwan hanggang 1 araw bago ang araw ng pag-uwi

- Maaari kayong mag-file ng claim para sa bayad sa insurance tungo sa call center ng Samsung Fire & Marine Insurance Corp. o kaya sa 16 na customer support ng 5 insurance company (Samsung, Hyundai, LIG, Dongbu, Hanhwa). Piliin lamang ang pagbabayad sa airport sa aplikasyon.
- Sa application form para sa pagclaim ng insurance, isulat din ang bank account ng dayuhang manggagawa bilang paghahanda sakaling kinakailangang mag-apply sa mismong araw ng pag-alis o kung sakaling makansela ang biyahe sa araw na iyon o iba pang hindi maiiwasang dahilan.

Oras ng operasyon ng Palitan ng Pera sa Airport

- Maaari niyo itong makuha sa airport kahit na ang araw ng pag-uwi ng manggagawa ay Sabado, Linggo o kahit holidays
- Maaari rin itong makuha kahit na tapos na ang oras ng operasyon ng bangko
- Departure Area, General Area (06:00 ~ 20:00), Duty Free Zone (06:30 ~ 21:00)

4. Paraan ng Pagtanggap ng Bayad mula sa Insurance sa Airport

① Isumite ang application form para sa pagclaim ng bayad mula sa insurance (piliin ang pagbabayad sa airport) at ibibigay sa inyo ang insurance pay order form ng Departure Guarantee Insurance : call center ng Samsung Fire & Marine Insurance Corp. at 16 na customer support center

Oras ng pagpoproseso: 09:00 ~ 18:00, maliban sa Sabado, Linggo at holidays

② Sa araw ng pag-uwi, isumite ang pay order form (pasaporte, ticket sa eroplano) sa palitan ng pera (KB, Shinhan Bank, KEB, Woori Bank) sa airport (Incheon, Gimpo, Gimhae Airport) at saka kayo bibigyan ng resibo para sa pagpapalit ng pera

Oras ng pagpoproseso: 06:00 ~ 20:00, bukas ito ng buong taon

③ Matapos makalagpas sa immigration desk sa airport, isumite ang resibo sa pagpapalit ng pera at pasaporte sa itinalagang currency exchange counter ng bangko. Pagkatapos ay ibibigay na ang bayad mula sa insurance sa manggagawa

Oras ng pagpoproseso: 06:30 ~ 21:00, bukas ito ng buong taon

5. Flowchart ng Detalye ng Pagpoproseso

Incheon International Airport

1	Aplikasyon para sa claim ng Departure Guarantee Insurance (call center ng Samsung Fire & Marine Insurance Corp. o sa 16 na customer support center)	Sa pag-aapply ng Departure Guarantee Insurance, piliin ang “pagbabayad sa airport”
2	Pagpapasiya sa pagbabayad ng Departure Guarantee Insurance	Pag-iisyu ng insurance pay order form
3	Palitan ng pera sa departure area sa ikatlong palapag (Incheon Airport: Shinhan, KEB, KB)	Pag-iisyu ng resibo para sa pagpapalit ng pera Mag-iisyu din ng foreign currency declaration certificate kapag lumagpas sa USD 10,000
4	Immigration desk sa ikatlong palapag (Kagawaran ng Hustisya)	Pagsusuri ng personal na bagay at pagrereport ng buwis at iba pang kailangang pagdaanan sa proseso ng pag-alis ng bansa (pagbabalik ng alien card)
5	Palitan ng pera sa loob ng Duty Free Zone sa ikatlong palapag (Incheon Airport: Shinhan, KEB, KB)	Pagbibigay ng pera sa palitan ng pera (currency exchange) sa itinakdang bangko sa Gate No. 29, 25, 43
6	Pag-alis (Departure)	Pag-alis matapos sumakay ng eroplano

Mga Uri ng Perang (currency) maaaring Ipapalit

US Dollar (USD), Japanese Yen (JPY), Chinese Yuan (CNY), European Union Euro (EUR), Canadian Dollar (CAD), Norwegian Krone (NOK), Danish Krone (DKK), British Pound (GBP), Swedish Krona (SEK), Swiss Franc (CHK), Malaysian Ringgit (MYR), Singapore Dollar (SGD), Indonesian Rupiah (IDR), Thailand Baht (THB), Hong Kong Dollar (HKD), Taiwanese Dollar (TWD), Philippine Peso (PHP), Australian Dollar (AUD), New Zealand Dollar (NZD)

6. Mga Kailangang Tandaan

- Ibibigay lamang ang bayad mula sa Departure Guarantee Insurance sa inyo mismo sa itinakdang bangko sa loob ng Duty Free Zone ng Depature Area.
- Para hindi magipit sa oras, magbigay ng allowance para sa pagpoproseso ng pagtanggap ng bayad mula sa insurance sa palitan ng pera sa depature area (aabutin ito ng 15 minuto hanggang 30 minuto) kaya hangga't maaari'y agahan ang pagpunta sa airport.
- Kapag lumagpas sa USD 10,000 ang kabuuang perang hawak ninyo sa araw ng pag-alis, kasama ang bayad mula sa Departure Guarantee Insurance, kinakailangan ninyo itong ipaalam agad sa customs.
  - Kapag ipinapalit ang pera at lumagpas ito ng USD 10,000 iisyuhan kayo ng Foreign Currency Exchange Report Form.
  - Kapag uuwi na tungong airport, isumite ang ibinigay na Foreign Currency Exchange Report Form sa empleyado ng customs at matapos itong masuri, maaari niyo ng dalhin ang pera pauwi.
- Matapos ang pagsusuri sa pag-alis (departure), pumunta sa palitan ng pera ng itinakdang bangko na nasa loob ng Duty Free Zone hanggang 21:00 para makuha ninyo ang bayad mula sa Departure Guarantee Insurance.
- Kung sakaling isinulat ninyo sa aplikasyon na nais ninyong makuha ang bayad mula sa insurance sa airport subalit hindi ninyo ito natanggap, ipapadala na lamang ito sa bank account na isinulat ninyo sa application form.

7. Gabay sa Palitan ng Pera sa bawat Airport

Incheon International Airport Passenger Terminal

Airport	Bangko	Palitan ng Pera sa Departure Area (General) 06:00~20:00	Palitan ng Pera sa Duty Free Zone (06:30~21:00)
Incheon	Shinhan Bank	3F Passenger Terminal, Departure Area, Check-in Counter L (Departure Gate No. 4)	3F Duty Free Zone Gate No. 29
		T. 032-743-5138	T. 032-743-5136
	KEB	3F Passenger Terminal, Departure Area, Check-in Counter J (Departure Gate No. 3,4)	3F Duty Free Zone Gate No. 25
		T. 032-743-2225	T. 032-743-2226
	KB	3F Passenger Terminal, Departure Area, Check-in Counter B (Departure Gate No. 1)	3F Duty Free Zone Gate No. 43
		T. 032-743-2684~5	T. 032-743-2684~5

Gimpo International Airport

Bangko	Palitan ng Pera sa Departure Area	Palitan ng Pera sa Duty Free Zone
Woori Bank	International Airport, 2F, Gate No. 2	3F, Duty Free Zone, Gate No. 36
	T. 02-2667-0236 (Extension No.: 621, 622)	T. 02-2667-0236 (Extension No.: 631)

Gimhae International Airport

Bangko	Palitan ng Pera sa Departure Area	Palitan ng Pera sa Duty Free Zone
KEB	International Airport, 1F, Gate No. 1	2F, Duty Free Zone
	T. 051-973-9845	T. 051-973-9845 (Extension No. 115)

8. Ayos ng Pasilidad sa Airport

Incheon International Airport Passenger Terminal



Gimpo International Airport

Pampublikong Pasilidad Pangkomersyal na Pasilidad



Gimhae International Airport



| Pagtanggap ng Bayad mula sa Insurance sa pamamagitan ng Overseas Remittance |

Simula Hulyo 29, 2014, ang mga dayuhang manggagawang nag-apply para makuha ang bayad mula sa Departure Guarantee Insurance ay maaaring makuha ito sa kanilang bansa matapos nilang umuwi.

- Tungo sa lokal na remittance agency ng bangko, maaari itong makuha sa pamamagitan ng iba,t ibang paaraan upang mapababa ang gastusin at maging ligtas ang pagpapadala ng pera.

1. Paraan ng Pagpapadala ng Pera (Overseas Remittance)

Bago umuwi, mag-aapply ang dayuhang manggagawa sa insurance upang makuha niya ang bayad mula dito. siyang pumili ng isa sa tatlong paraan sa ibaba kung paano niya nais matanggap ang bayad mula sa insurance.

- Ipapadala ng insurance company ang bayad mula sa insurance alinsunod sa piniling paraang ng manggagawa.

Kategorya		Paraan ng Pagbabayad
Pagbabayad matapos Umuwi	① Bank account na nakapangalan mismo sa inyo	Ipapadala ang bayad mula sa insurance sa bank account ninyo sa Pilipinas na nakapangalan sa inyo.
	② Direktang ipapadala ito sa bangko sa Pilipinas * Maaari niyo pa rin itong makuha kahit na wala kayong personal na bank account o bank account para sa overseas remittance	Kapag nag-apply kayo ng claim para sa insurance, kunin ang serial number na magmumula sa bangko at kapag nakauwi na kayo pumunta sa itinalagang bangko at personal ninyong kunin ang bayad mula sa insurance.
	③ Overseas remittance bank account * Maaari niyo pa rin itong makuha kahit wala kayong internasyunal na bank account	Ipapadala ito sa overseas remittance bank account (sa Korea) na nakakonekta sa bank account sa Pilipinas (bank account ng kapamilya o kakilala)

Bayad (Charge) para sa Pagpapadala ng Pera ayon sa Paraan ng Remittance

Sa bawat USD 1 = KRW 1,000; pamantayan para sa bawat pagpapadala ng USD 3,000

Kategorya	Overseas Remittance			Pagbabayad sa Airport		
Paraan ng Pagbabayad	① Pagpapadala ng pera gamit ang personal na bank account sa Pilipinas	② Direktang ipapadala ang pera sa bangko	③ Overseas Remittance Bank account	Pagbibigay ng bayad mula sa insurance sa airport		
Bank Account sa Pilipinas	Meron	Wala	Meron			
Sino ang Magpapadala	Insurance Company	Insurance Company	Dayuhang Manggagawa	Incheon Airport	Gimpo Airport	Gimhae Airport
Sino ang Tatanggap	Manggagawa Mismo	Manggagawa Mismo	Kung sino ang itinalaga ng manggagawa			
Pangalan ng Bangko	KEB, Woori Bank, Shinhan, KB	Woori Bank, KB	KEB, Woori Bank, Shinhan, KB	Shinhan, KEB, KB	Woori Bank	KEB
Bayad sa Pagpapadala ng Pera	KRW 22,000 (Singil para sa pagpapalit ng pera at pagpapadala nito, transit fee, at telegram fees)			KRW 30,000 (Singil sa pagpapalit ng pera)		

2. Mga Kailangang Dokumento sa Aplikasyon

Application form para sa claim sa insurance, ID (pasaporte o alien card), kopya ng bank book

3. Paraan ng Aplikasyon

Sino ang maaaring makatanggap ng bayad mula sa insurance Dayuhang manggagawang nakasuskrito sa Departure Guarantee Insurance at uuwi na sa loob ng isang buwan dahil sa pagtatapos ng employment period.

Kailan at paano maaaring makuha ang bayad mula sa insurance Maaaring mag-file ng claim para sa Departure Guarantee Insurance ang dayuhang manggagawa sa loob ng 1 buwan hanggang 1 araw bago ang araw ng pag-uwi

- Maaari kayong mag-file ng claim para sa bayad sa insurance tungo sa call center ng Samsung Fire & Marine Insurance Corp. o kaya sa 16 na customer support ng 5 insurance companies (Samsung, Hyundai, LIG, Dongbu, Hanhwa).
- Sa pag-aapply para sa Depature Guarantee Insurance, piliin ang "Pagbabayad sa pamamagitan ng Overseas Remittance," at sa ilalim nito pumili ng isa sa tatlong paraan kung paano ninyo nais matanggap ang bayad.

① Pagpapadala ng pera gamit ang personal na bank account sa Pilipinas
② Direktang pagpapadala ng pera sa bangko ③ Overseas remittance bank account

4. Proseso ng Pagpapadala ng Bayad mula sa Insurance

Ipapadala ito sa bangko sa Pilipinas matapos umuwi

Report sa Pagpapalit ng Trabaho (Release Paper), Report sa Pag-uwi (Depature Certificate)	Applikasyon para sa makuha ang bayad mula sa insurance	Ibibigay agad ang bayad mula sa insurance matapos matiyak na nakalagpas na kayo sa immigration desk
Employer, Dayuhang Manggagawa →	Dayuhang Manggagawa →	Insurance Company → Bangko
1 buwan bago ang pag-uwi	Sa loob ng 1 buwan bago ang pag-uwi	Sa loob ng 1~2 araw matapos ang araw ng pag-uwi

Overseas Remittance	Pagtanggap ng pera sa bansa ng manggagawa	Pagtatanggap ng bayad mula sa insurance
Bangkong papadalahan ng pera →	Bangko sa Pilipinas na tatanggap ng pera →	Dayuhang manggagawa
agad itong matatanggap	1~2 araw matapos maipadala ang pera	14 na araw mula sa araw ng pag-uwi